Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MAYO 17, 2019 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member-**Leave** |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member- **O.B.** |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative-**Leave** |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 19-05-064

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA PAGYAO NI GNG. LOLYVEL T. BUYO, CHILD DEVELOPMENT WORKER NG BAYAN NG BULALACAO**

**"SAPAGKAT,** si Gng. Lolyvel T. Buyo, isang Child Development Worker na taga-Barangay Cambunang ay sumakabilang-buhay sa edad na apatnaput pitong (47) taong gulang;

**"SAPAGKAT,** siya ay naglingkod sa Pamahalaang Bayan ng Bulalacao bilang Child Development Worker sa ilalim ng Tanggapan ng Pambayang Kagalingan at Pagpapaunlad ng ilang taon at ibinuhos ang kanyang panahon at kakayahan upang mapangalagaan ng mahusay ang kapakanan ng mga batang nagsisimula pa lang mag-aral sa Day Care Center;

**"SAPAGKAT,** kasabay ng pagiging Child Development Worker, si Lolyvel ay isang mapagmahal na ina at asawa na sa kabila ng kanyang pagkaabala sa trabaho ay patuloy pa rin ang pagsisikap na magampanan at matugunan ang pangangailangan ng kanyang pamilya at hindi inaalintana ang pagod sa maghapon, masilbihan lang sila ng buong pagmamahal;

**"SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay nagdulot ng masidhing pighati at kalungkutan sa kanyang pamilya, kamag-anak at mga kaibigan, subalit kaligayahan na ring isipin na siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng Diyos na Siyang lumikha ng lahat; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

Scanned with CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa pagyao ni Gng. Lolyvel T. Buyo, Child Development Worker ng Bayan ng Bulalacao;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Dennes M. Faner na pinangalawahan nina SB Member Teresita S. Bantugan, SB Member Edwin C. Aceron at SB Member Dexter R. Gonzales, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY"**: Mayo 17, 2019, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x------------------------------------------------------------x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. TERESITA S. BANTUGAN**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Mayo 17, 2019

190517/PLP/jpc

Scanned with CamScanner